

6 Setyembre, 2026 –

Ika –Dalawanput Tatlong Linggo sa Karaniwang Panahon

Ezekiel 33:7–9; Romano 13:8–10; Mateo 18:15–20

PANIMULA

May kuwento tungkol sa isang nayon sa kabundukan kung saan umaasa ang mga tao sa isang makipot na tulay upang tumawid sa malalim na bangin. Tuwing gabi, isang matandang lalaki ang naglalakad patungo sa tulay dala ang isang parol. Tinatawanan siya ng iba at sinasabi, "Bakit pa? Alam naman ng lahat ang landas." Ngunit isang magulong gabi na may makapal na hamog, naipakita ng liwanag ng parol na bahagi ng tulay ay gumuho matapos ang malakas na ulan. Dahil ipinagpatuloy ng matanda ang kanyang tahimik na tungkulin, maraming buhay ang nailigtas.

Sa mga pagbasa ngayon, ipinaaalala sa atin ng Diyos na ang pananampalataya ay hindi kailanman isang pansariling bagay lamang. Tulad ng bantay sa Aklat ni Ezekiel, tinatawag tayong mag-alala para sa isa't isa at huwag manatiling walang malasakit kapag ang iba ay nahihirapan o lumalayo sa daan ng buhay.

Sinasabi sa atin ni San Pablo na ang tanging pananatiling utang ay ang utang ng pagmamahal. Ang pagmamahal na Kristiyano ay hindi damdaminlamang o walang kibo; hinahangad nito ang ikabubuti ng kapwa. Minsan umaaliw ang pagmamahal, minsan nagbababala, minsan buong pasensyang sinasabi ang mahirap na katotohanan.

Habang tayo ay nagtitipon sa harapan ng Panginoon na naghahaplos sa atin bilang isang Katawan, kilalanin natin ang mga sandaling nabigo tayong mag-alala sa isa't isa, ang mga sandaling nanatili tayong tahimik dahil sa takot, o nagsalita nang walang pagmamahal. Hilingin natin sa Panginoon ang awa at kagalingan.

HOMILIYA: "BANTAY BA AKO NG AKING KAPATID?"

Ilang taon na ang nakalipas, noong panahon ng pandemyang Covid, may kapansin-pansing nangyari sa buong mundo. Ang mga taong dating namumuhay nang lubos na malaya ay biglang naging lubusang maalala sa isa't isa. Nagsuot tayo ng pantakip sa mukha hindi lamang upang protektahan ang ating sarili kundi upang protektahan din ang iba. Ang mga lolo't lola ay kumakaway sa kanilang mga apo sa bintana. Ang mga boluntaryo ay naglilinis ng mga simbahan pagkatapos ng bawat Misa. Ang mga taga silbi ay nakatayo sa pintuan, maingat na

inaakay ang mga tao sa kanilang mga upuan. Ang mga kapitbahay ay nag-aalaga sa mga nakatatandang nakatira nang mag-isa.

Isang di-nakikitang salot na sakit ang nagturo sa sangkatauhan ng isang espirituwal na katotohanan na matagal nang itinuturo ng Ebanghelyo: ang ginagawa ko ay may epekto sa iba. Walang sinuman sa atin ang namumuhay nang mag-isa. Walang sinuman sa atin ang nagkakasala nang mag-isa. Walang sinuman sa atin ang naniniwala nang mag-isa. Tayo ay may kinalaman sa isa't isa. Ang katotohanang iyon ay tumatakbo tulad ng gintong sinulid sa lahat ng tatlong pagbasa ngayon.

1. Si Ezekiel ang Bantay

Sa unang pagbasa, sinabi ng Diyos sa propetang si Ezekiel: *"Ginawa kitang bantay para sa Sambahayan ng Israel."* Ang salitang Aleman na ginamit sa isa sa mga homiliya ay Tagamasid --- isang bantay, isang tanod, isang taong nakatayo sa pader ng lungsod, tinatanaw ang abot-tanaw para sa panganib.

Sa mga sinaunang lungsod, mahalaga ang bantay. Habang natutulog ang lahat, siya ay gising. Habang ang mga tao ay abala sa karaniwang buhay, bukas ang kanyang mga mata.

Kung lumapit ang kaaway at nanatiling tahimik ang bantay, sumusunod ang kapahamakan.

Inihalintulad ng isang pagninilay ito sa mga lumang Torrens Martello na itinayo sa baybayin bilang mga bantayan laban sa pananalakay. Inihalintulad naman ito ng iba sa makabagong sistema ng maagang babala para sa lindol, bagyo, o pagkasira ng eroplano. Gumagawa tayo ng sistema ng babala dahil ang panganib na hinayaan lamang ay nagiging kapahamakan.

At sinabi ng Diyos kay Ezekiel: "Iyan ang iyong papel sa espirituwal na paraan."

Ang propeta ay hindi tinawag upang hatulan ang mga tao kundi upang balaan sila, gisingin sila, at tawagin silang bumalik sa buhay. Isa sa mga homiliyang Aleman ang buong-buong nagbulay-bulay sa isang nakababahalang parirala sa salin: *"Dapat mo silang balaan laban sa akin."* Sinabi ng mangangaral na siya ay nagulantang sa ekspresyong iyon. Isa ba ang Diyos na dapat nating ipagbabala sa mga tao? Ngunit natuklasan niya na ang mas wastong salin mula sa Hebreo ay: *"Balaan mo sila sa aking pangalan."* Binabago nito ang lahat.

Ang Diyos ay hindi isang malupit na naghihintay lamang na magparusa. Ang Diyos ay ang mapagmahal na Ama na nagbabala dahil nais Niya ang buhay, hindi ang kapahamakan.

Ilang talata pa ang lumipas, sinabi ni Ezekiel: *"Hindi ko kinalulugdan ang kamatayan ng masama, kundi ang kanyang pagtalikod sa kanyang masamang paraan upang mabuhay."* Nagbabala ang Diyos dahil mahal Niya tayo.

2. "Bantay ba ako ng aking kapatid?"

Matapos patayin ni Cain si Abel, tinanong siya ng

Diyos: *"Nasaan ang iyong kapatid?"*

At sumagot si Cain: *"Bantay ba ako ng aking kapatid?"*

Napakalinaw ng sagot ng Ebanghelyo: **"Oo."**

Hindi sa paraang mapanupil. Hindi sa paraang mapaghusga.

Kundi sa paraang mapagmahal at may pananagutan. Tayo ay may kaugnayan sa isa't isa.

Sinasabi ni San Pablo ngayon: *"Huwag kayong magkautang ng ano man sa kanino man, kundi ang pagmamahal sa isa't isa."* Iyan ang tanging utang na hindi natin tuluyang mababayaran. Isang mangangaral na Aleman ang magandang pagkakalarawan sa pagmamahal bilang "isang bariles na walang lalim." Hindi mo kailanman aabutin ang dulo nito. Ang pagmamahal ng Diyos ay hindi kailanman nagsasabing, "Tama na! Tapos na ako sa iyo."

At dahil patuloy tayong minamahal ng Diyos nang walang sukat, tinatawag tayong mahalin ang isa't isa nang may ganoon ding matatag na pagmamahal.

3. Ang Dalawang Maling Paraan

Ang Ebanghelyo ngayon ay nagsasalita tungkol sa pagtutuwid sa isang kapatid na lumihis ng landas. Ngunit maingat na maingat si Hesus sa kung paano ito ginagawa. Itinuro ng isa sa mga pagninilay na Aleman na madalas tayong nahuhulog sa dalawang magkasalungat na pagkakamali.

Ang unang pagkakamali: katahimikan.

Nakikita natin ang isang tao na sinisira ang kanyang sarili --- marahil sa pamamagitan ng bisyo, kasinungalingan, sama ng loob, pagtataksil, o kompromiso sa moralidad --- at sinasabi natin: *"Wala akong pakialam diyan."*

Ngunit hindi maaaring manatiling tahimik palagi ang pagmamahal.

Ang isang magulang na nakakikita ng anak na naglalakad patungo sa panganib ay sisigaw ng babala. Ang isang doktor na natuklasan ang kanser ay hindi maaaring ngumiti lamang nang magiliw at manahimik. Minsan, sinasabi ng tunay na pagmamahal ang mahihirap na katotohanan.

Ang ikalawang pagkakamali: tsismis.

Sa halip na kausapin ang tao, kinakausap natin ang iba tungkol sa kanya. May sinabi ang mangangaral na Aleman na nakatatak sa isipan: *"Sa katapusan ng buwan, napag-usapan na siya ng buong nayon --- maliban sa taong may kinalaman."* Ang tsismis

ay kaduwagan na nagbabalatkayo bilang malasakit. Nagbibigay si Hesus ng ibang paraan:

- Una, kausapin siya nang pribado;
- Pagkatapos, unti-unting isama ang iba kung kailangan;
- Laging hangarin hindi ang kahihyan kundi ang kagalingan.

Dalawang beses sinabi ng Ebanghelyo na ang layunin ay: *"mabawi ang iyong kapatid."*

Hindi upang talunin siya. Hindi upang hiyain siya. Kundi upang iligtas ang inyong relasyon.

4. Ang Pagmamahal na Nangangahas Magsalita

May isang guro na napansin ang isa sa kanyang mga estudyante na unti-unting nawawalan ng gana at nagiging palaging galit. Bumaba ang mga marka. Nawala ang mga kaibigan. Ang madaling gawin ay balewalain na lamang ito. Sa halip, hiniling ng guro sa kanya na magpaiwan pagkatapos ng klase. Sa una, nagtanggol ang estudyante: *"Bakit ninyo pinakikialaman?"* Ngunit sa bandang huli, umiyak siya at inamin na naghihiwalay ang kanyang mga magulang at nawawasak siya sa kanyang loob. Pagkaraan ng mga taon, sinabi ng binatang iyon: *"Iniligtas ako ng pag-uusap na iyon. Sa unang pagkakataon, naramdaman kong may nakapansin sa akin."*

Minsan, ang pinakamapagmahal na bagay na magagawa natin ay ang manganib sa isang hindi kumportableng pag-uusap. Sinasabi ni San Pablo: *"Hindi ginagawan ng masama ng pagmamahal ang kapwa."*

Ang tunay na pagmamahal ay hindi damdaming kahinaan lamang. Hinahangad ng pagmamahal ang kabutihan ng kapwa, kahit na masakit ang katotohanan. Ginawa ito mismo ni Hesus kay Pedro. Minahal ni Hesus si Pedro nang lubos, ngunit noong si Pedro ay naging katitisan, mahigpit siyang itinuwid ni Hesus. Ang pagmamahal at katotohanan ay magkasama.

5. Nagkaroon Tayo ng Impluwensya sa Isa't Isa sa Espirituwal na Paraan

Isa sa mga pagninilay na Ingles ang may napakahalagang sinabi: *"Walang sinuman sa atin ang naglalakbay patungo sa Diyos nang mag-isa."* Malalim na totoo iyan. May mga taong tumulong upang mapalapit tayo sa Diyos: isang lola na nanalangin, isang guro na naniwala sa atin, isang paring nakinig, isang kaibigang nagpalakas ng loob.

Ang iba naman marahil ay nagpahina ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagkukunwari, kabagsikan, o masamang halimbawa. Ang bawat isa sa atin ay may impluwensya sa espirituwal na buhay ng iba --- maging para sa kabutihan o kasamaan.

Nakilala ng babaeng Samaritana si Hesus sa balon at agad-agad niyang dinala ang iba sa Kanya. Si Pedro sa isang sandali ay naging bato, at sa ibang sandali naman ay naging bato na katitisan.

Maaari tayong maging alinman sa dalawa:

- mga bintanang tumutulong sa mga tao na makita si Kristo,
- o mga pader na humaharap sa Kanya.

6. Ang Simbahan bilang Isang Buhay na Katawan

Naunawaan ni San Pablo ang Simbahan bilang Katawan ni Kristo. Kung may isang bahagi na naghihirap, ang buong katawan ay naghihirap din. Kung ang isang bahagi ay malusog, nakikinabang ang buong katawan.

Nangangahulugan ito na:

- ang iyong panalangin ay nagpapalakas sa Simbahan;
- ang iyong kabutihan ay nagpapalakas sa Simbahan;
- ang iyong katapatan ay nagpapalakas sa Simbahan.

At gayundin:

- ang nakatagong sama ng loob ay nagpapahina sa Simbahan;
- ang pagkamakasariili ay nagpapahina sa Simbahan;

- ang eskandalo ay nagpapahina sa Simbahan.

Tayo ay may kaugnayan sa isa't isa sa paraang espirituwal. Kaya't napakahalaga ng mga banal. Ang mga banal na tao ay lumilikha ng espasyo para sa Diyos sa mundo. Isa sa mga pagninilay ang magandang kasabihang: *"Hangga't hinahayaan nating mamuhay si Kristo sa atin, lumilikha tayo ng espasyo para Siya ay mabuhay sa iba."*

7. Isang Kuwento Bilang Pangwakas

May lumang kuwento tungkol sa isang tagapag-alaga ng parola sa isang mapanganib na maburak na baybayin. Bawat buwan, siya ay tumatanggap ng limitadong langis upang panatilihin nagniningas ang parola. Isang gabi, may kapitbahay na dumating na humihingi ng langis para sa isang ilawan. Isa pang tao ang nangailangan para sa pagluluto. Isa pa ang nangailangan para sa init. Binigyan ng tagapag-alaga ang bawat isa ng kaunti. Sa katapusan ng buwan, halos naubos na ang langis.

Nang gabing iyon, nawalan ng liwanag ang parola. Isang barko ang nabangga sa mga bato, at maraming buhay ang nawala. Ang pagsisiyasat ay nagpasiya: *"Nabigo ang tagapag-alaga ng parola sa kanyang pangunahing tungkulin."*

Mga kapatid, ang bawat Kristiyano ay tinatawag na panatilihing nagniningas ang isang espirituwal na ilaw. Tinatawag tayong bantayan ang isa't isa, ipanalangin ang isa't isa, palakasin ang loob ng isa't isa, ituwid ang isa't isa nang may kababaang-loob at pagmamahal, at akayin ang isa't isa patungo kay Kristo.

Hindi nang may kabagsikan.

Hindi nang may mapagmataas na pagpapaganda ng sarili.

Kundi taglay ang puso ni Hesus.

Sapagkat sa huli, ang pagiging Kristiyano ay hindi lamang tungkol sa "ako at ang Diyos."

Ito ay tungkol sa pagiging sama-samang Katawan ni Kristo --- kung saan walang naglalakad na mag-isa, walang inaabandona, at walang sinumang lampas na sa abot ng katotohanan at pagmamahal.

At kapag namuhay tayo sa ganitong paraan, nagiging totoo ang pangako ni Hesus:

"Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon sa aking pangalan, naroon ako sa gitna nila."

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, Australia**